# ‘Pagsingit’ hiniling kasuhan

Balita · 29 Mar 2021 · 2 · Bert de Guzman

Pinaaamyendahan ang coronavirus disease 2019 (COVID19) Vaccination Law ng gobyerno upang maging isang kasong kriminal ang “mishandling” o maling pangangasiwa sa mga bakuna at pagsingit sa linya ng vaccine priority list.

Naghain si Quezon City Rep. Precious Castelo ng panukalang batas upang talasan pa ang “ngipin” ng

Republic Act No. 11525 o ang COVID19 Vaccination Program Act.

“Vaccine queue jumping and mishandling, which results in wastage should be considered criminal offenses. Penalties should be imposed on offenders. There should be accountability,” sabi pa ng kongresista.